# Mga Bakuna sa Meningococcal Quadrivalent
# Meningococcal Quadrivalent Vaccines

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

## Ano ang mga bakuna sa meningococcal quadrivalent?

Ang mga bakuna sa meningococcal quadrivalent ay nagpoprotekta laban sa 4 na uri ng meningococcal bacteria: mga uri A, C, Y at W. Ang mga bakuna ay polysaccharide o conjugate na mga bakuna. Ang conjugate na bakuna na ginamit sa B.C. ay nagbibigay ng pangmatagalang proteksyon laban sa sakit. Ang bakuna ay inaprubahan ng Health Canada.

## Sino ang dapat makakuha ng meningococcal quadrivalent conjugate na bakuna?

Ang bakuna ay ibinibigay nang libre sa mga bata sa ika-9 na baitang.

Ang bakuna ay ibinibigay din nang libre sa mga bata at nasa hustong gulang na may mataas na panganib ng sakit na meningococcal, kabilang ang mga may:

- Walang lapay, o lapay na hindi gumagana ng maayos
- Mga sakit sa sistemang panlaban sa sakit kabilang ang complement, properdin, factor D o mga pangunahing kakulangan sa antibody
- Isang islet na selula o solidong organong transplant, o iyong mga naghihintay ng isa
- Nagkaroon ng stem cell transplant
- Nakipagkontak nang malapit sa isang taong may sakit na meningococcal A, Y o W, o natukoy ng pampublikong kalusugan na nasa panganib na mahawa sa mga ito sa panahon ng siklabo sa B.C.

Inirerekomenda ang bakuna, ngunit hindi ibinibigay nang libre, para sa mga sumusunod na tao:

- Ang mga manggagawa sa laboratoryo na karaniwang nakalantad sa meningococcal bacteria
- Mga tauhan ng militar
- Ang mga nakatira o naglalakbay sa isang lugar na mataas ang panganib para sa sakit na meningococcal

Para sa impormasyon sa mga lugar ng paglalakbay na may mataas na peligro makipag-ugnayan sa isang klinika ng paglalakbay.

Ang bakuna ay karaniwang ibinibigay bilang 1 dosis. Maaaring kailanganin ng ilang tao ang karagdagang dosis ng bakuna. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung kailangan mo ng higit pang mga dosis at kung kailan mo dapat makuha ang mga ito.

Ang mga taong hindi karapat-dapat para sa libreng bakuna ngunit gustong maprotektahan laban sa meningococcal A, C, Y at W strain ng sakit ay maaaring bumili ng bakuna sa karamihan ng mga parmasya at mga klinika ng paglalakbay.

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

## Ano ang mga benepisyo ng bakuna?

Ang bakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa impeksyon ng meningococcal, isang malubha at kung minsan ay nakamamatay na sakit.

Kapag nabakunahan ka, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

## Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na magpabakuna kaysa makakuha ng sakit na meningococcal.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang pagsakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkapagod, panginginig, lagnat at pagduduwal ay maaari ding mangyari pagkatapos mabakunahan. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa pangkalahatan ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome.

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat kumuha ng bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng anumang bakuna sa meningococcal, o anumang bahagi ng bakuna na mengingococcal quadrivalent conjugate.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pangbanayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang impeksyon ng meningococcal?

Ang meningococcal na impeksyon ay sanhi ng bakterya. Ang meningococcal na impeksyon dahil sa mga uri ng A, C, Y at W ay napakabihirang sa B.C. Bagama't bihira, maaari itong magdulot ng malubha at nakamamatay na mga impeksiyon kabilang ang meningitis, isang impeksiyon ng lining na sumasaklaw sa utak, at septicemia, isang impeksiyon sa dugo. Sa bawat 100 katao na nagkakasakit, hanggang 15 ang mamamatay, kahit na sila ay nakatanggap ng paggamot. Kabilang sa mga permanenteng komplikasyon ng impeksyon ang pinsala sa utak, pagkabingi, at pagkawala ng mga paa.

Ang impeksyong meningococcal ay kumakalat mula sa bawat tao sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, o malapit na harap-harapang pakikipag-ugnayan. Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng laway. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng paghalik o pagbabahagi ng pagkain, mga inumin, sigarilyo, lipstick, mga bote ng tubig, mga mouth guard na ginagamit para sa isports, o mga mouthpiece ng mga instrumentong pangmusika.

## Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapag-alaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa www.immunizebc.ca.